

Tanawin ang isang maaliwalas na hinarahap sa pagdiriwang ng ika-50 anibersaryo ng Partido

Para sa mga naghaharing-uri naging isang napakalaking banta sa kanilang pang-aalipin at pang-aapi ang 50 taong buhay ng Partido, ngunit para sa masang anakpawis, nagsilbing inspirasyon at bukal ng kanilang determinasyong lumaban ang mga taon ng pagpupundar, pagyabong at pakikibaka ng Partido Komunista ng Pilipinas.

Tumatagos ang maringal na kasaysayan ng Partido sa buong bansa at sa lahat ng dako ng mundo. Paulit-ulit nitong pinatunayan ang katumpakan ng rebolusyonaryong teorya ng Marxismo-Leninismo-Maoismo sa lahat ng larangan ng digma at mabisang pinamunuan nito ang rebolusyong Pilipino upang kamtin ang napakaraming tagumpay laban sa lahat ng reaksyon.

Sa buong haba ng limampung taon mula noong muli itong itatag, naging sandata ito ng uring proletaryado upang pakilusin ang dambuhalang lakas ng nakikibakang mamamayan para sa demokratikong rebolusyong bayan. Ang dakilang adhikain ng Partido ang dahilan kung bakit niyakap ito at minahal ng masang anakpawis. Ito ang nagmulat sa kanilang bagtasin ang anumang kahirapan at sakripisyo sa pagsusulong ng pambansa-demokratikong interes ng mamamayan.

Mula sa dating maliit at mahina, nakapagpatatag ang Partido sa pamamagitan ng mga kadre at kasapi nito upang ipundar at palakasin ang sarili at abutin ang prestihiyo nito sa kasalukuyan. Tinatamasa ng mamamayan ang mga bunga ng ambag ng lahat ng rebolusyonaryong martir na dapat na dakilain sa okasyong ito. Dahil sa kanilang mga pagsisikap, nakaugat ang Partido sa malawak na sambayanan at may mahigpit na ugnayan sa lahat ng demokratikong pwersa upang pagkaisahin ang buong bayan sa panawagan ng ganap na kalayaan at tunay na demokrasya.

Ang paglahok ng mamamayan sa digmang bayan ang nagbigay ng higit na kumpyansa sa Partido

na gampanan ang mapagpasyang papel nitong dalhin sa tugatog ng tagumpay ang pambansa-demokratikong rebolusyon sa Pilipinas. Sa Timog Katagalugan, nakahanda ang lahat ng kadre at kasapi ng Partido na tupdin ang mga tungkuling iniatang sa kanila bilang ambag hindi lamang sa pambansang rebolusyonaryong pakikibaka kundi maging sa pandaigdigang kilusang komunistang naglalayong palayain ang lahat ng inaaping uri sa buong daigdig.

Estratehiko ang pusisyon ng Timog Katagalugan para sa pagtatagumpay ng digmang bayan sa Pilipinas. Nasa tarangkahan ito ng Kamaynilaan, ang sentro ng kapangyarihang pampulitika ng reaksyunaryong gubyrerno ng mga malalaking burgesya kumprador at panginoong maylupa.

Mataba ang lupa sa rehiyon para isulong ang rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan. Dito



KALATAS

Disyembre 2018
TOMO 38 BILANG 12

NILALAMAN

- | | |
|---|--|
| 1 | <i>Editoryal</i> |
| 3 | <i>Ang mga target at pwersa ng rebolusyon</i> |
| 5 | <i>Ika-50 Anibersaryo ng PKP , matagumpay na ipinagdiwang sa TK Romblon at Marinduque: Mayayamang islang ipinagkait sa mamamayan</i> |
| 6 | <i>Tala ng mga paglabag sa karapatang pantao sa TK Bantay Karapatan</i> |
| 7 | <i>Opensibang postura: Ang mga tagumpay ng Melito Glor Command-NPA ST sa 2018 Balitang TO</i> |
| 8 | <i>Kultura</i> |

Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.

Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan.

*Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:
st.kalatas@gmail.com
balikwastk.wordpress.com*

matatagpuan ang pinakamalaking bilang ng mga manggagawa na nakakulong sa mga malaimpyernong engklabo ng mga dayuhang mamumuhunan sa bansa. Malalawak din ang kanayunan nitong pinaghaharian ng mga malalaking panginoong maylupa. Narito ang malaking bilang ng magsasakang biktima ng monopolyong kontrol sa lupa at talamak na pagpapalit-gamit ng mga lupaing agrikultural tungong komersyal, industriyal, residensyal at ekoturismo.


Sa pagdiriwang ng ika-50 anibersaryo ng Partido, tinatanaw ng mamamayan ang isang maaliwalas na hinaharap. Sa pamumuno ng Partido, tiyak na bibiguin nila ang lahat ng militarista at anti-mamamayang pakana ng rehimeng US-Duterte. Determinado silang ibagsak ang pasistang rehimen para sa hustisya at panlipunang pagbabago.

Upang kamtin ang isang makatarungang lipunan kailangang pagkaisahin ang mamamayan para isulong ang mga pakikibakang antipasista, antipyudal at anti-imperyalista. Susi dito ang paglulunsad at pagtatagumpay ng rebolusyong agraryo upang lutasin ang pangunahing suliranin ng masang magsasaka sa lupa. Dapat na pakilusin ang mamamayan para ipatupad ang mga minimum at maksimum na programa ng RA upang palawakin at konsolidahin ang baseng masa ng rebolusyon kasabay ng pagtatayo ng mga lokal na Pulang organong kapangyarihang pampulitika.

Gawing mayor na kampanya ang RA at konsolidasyon ng baseng masa upang pasampahin sa Bagong Hukbong Bayan ang pinakamaraming bilang mula sa masang anakpawis. Rekrutin sa Pulang hukbo ang pinakamamabubuting anak ng bayan sa kanayunan at kalunsuran, mga magsasaka, manggagawa, intelektwal at kabataan-estudyante. Itaas ang kanilang diwang mapanlaban sa paglulunsad ng mga pagsasanay pulitiko-militar upang armas ang Pulang hukbo ng kasanayang kinakailangan para gapiin ang kaaway sa iba't ibang tipo ng labanan.

Ilunsad ang pinakamaraming taktikal na opensibang patama sa ulo at katawan ng mersenaryo at pasistang AFP-PNP-CAFGU at patuloy na magpunyagi sa pakikidigmang gerilya. Gawing isang malawak na teatro ng digma ang rehiyon at maglunsad ng mga aksyong militar na lilipol sa malaking bilang ng pasista at mersenaryong AFP.

Nasa bag-as ng lahat ng ito ang pagpapalakas ng Partido sa gawaing ideolohiya, pulitika at organisasyon upang mabisang pamunuan ang rebolusyon. Palawakin ang kasapian ng Partido kasabay ng pagsasanay ng mga lider at kadre sa iba't ibang antas at larangan ng gawain. Upang gawin ito, kailangang ilunsad ang mas maraming pag-aaral ng teorya ng MLM upang itaas ang kanilang kamulatang pampulitika para sa pagharap sa lahat ng kahirapan at sakripisyong kaakibat ng pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan.

Mahaba-haba at maraming liko't ikot pa ang haharapin ng mamamayan sa pagtatagumpay ng rebolusyon. Ngunit, nakatitiyak ang mamamayan na ang Partido ay laging nasa unahan ng kanilang rebolusyonaryong pakikibaka at siyang pangunahing magtataguyod ng kanilang kapakanan at interes. Kakamtin ng Partido at mamamayan ang isang maaliwalas na hinaharap na may katarungang panlipunan at tunay na demokrasya. 

Ang mga target at pwersa ng rebolusyon

Isang kilusang masa ang digmang bayan at magtatagumpay lamang ito kung maoorganisa at mapapakilos ang malawak na bilang ng mamamayan. Ito ang sukatan ng lakas ng rebolusyon—ang dambuhalang pwersa ng sambayanang Pilipino.

Sa buong bansa, ang Timog Katagalugan ang pinakamataong rehiyon. Marapat lamang na matatag na panghawakan ng mamamayan ng TK kung para kanino ang demokratikong rebolusyong bayan at sinu-sino ang pangunahing nagsusulong nito. Sa rehiyon, sinu-sino ang mga inaapi at pinagsasamantalahan at ang mga naghaharing uring siyang desperadong mapanatili ang kasalukuyang sistemang malakolonyal at malapyudal sa lipunang Pilipino?

Ang mga naghaharing-uri sa TK

Para sa mga naghaharing-uri, isang paraiso ang TK para kanilang dambungin at pagpasasaan ang yamang taglay nito. Sa napakahabang panahon, iniluklok nila ang sarili sa isang pedestal na nilikha mula sa dugo't pawis ng mamamayan. Kapitalit ng mariwasa at magarbong buhay na kanilang tinatamasa ang kahirapan ng milyung mamamayang nabubuhay na parang mga alipin pa ng mga sinaunang sibilasasyon.

Sa mga kalunsuran, nananatiling kontrolado ng mga dayuhang mamumuhunan at malalaking kapitalista sa bansa ang mga engklabong itinayo sa rehiyon. Ayon sa Philippine Economic Zone Authority o PEZA, aabot sa 3,728 na empresa ng industriya at serbisyo para sa *semi-manufacturing* na nakatuon sa eksport ang nakarehistro sa rehiyon sa iba't ibang engklabo.

Napupunta sa rehiyon,
partikular sa



CALABARZON, ang malaking halaga ng mga dayuhang pamumuhunan. Noong 2016, tinatayang aabot sa P68.2 bilyon ang pumasok na puhunan sa CALABARZON mula sa mga dayuhang korporasyon, karamihan dito ay napunta sa manupaktura at mga industriya ng paglikha ng kuryente at pagpoproseso ng langis. Sa karaniwan, ang mga malalaking burgesya kumprador din ang kasosyo ng mga dayuhang korporasyong namumuhunan at pangunahing nakikinabang sa mga *foreign direct investment* na pumasok sa bansa.

Sa kabila ng 'urbanisasyon' sa TK, nananatiling agrikultural naman ang malaking bahagi ng rehiyon na pinaghaharian ng iilang malalaking panginoong maylupa. Bunga ng monopolyong pangangamkam sa malalawak na lupain sa rehiyon, nananatiling nasa kontrol ng 67 PML at 49 *real estate* at *development corporations* ang tinatayang 435,059 ektaryang produktibong lupaing agrikultural sa TK.

Bukod sa monopolyong kontrol nila sa malalawak na lupain, ang malalaking PML din sa rehiyon ang siyang kumokontrol sa mga estratehikong industriya sa TK at nagdidikta ng kalakalan sa mga pamilihan ng mga produktong bukid. Sila rin ang may kontrol sa mga kinakailangang *inputs* sa agrikultura kaya't sila rin ang nagdidikta ng sistema ng pautang na may mataas na interes o usura sa kanayunan. Nakahanay sa mga malalaking PML na ito ang mga pamilya ng Reyes, Uy, Murray, Escudero, Cojuangco at Matias sa Quezon; pamilyang Roxas, Puyat, Zobel, Lopez at Dolor sa Batangas; pamilyang Yulo, Reyes at Escudero sa Laguna.

Nagsulputan din ang malalaking debeloper at mga ispekulador sa lupa sa TK na siyang may kagagawan ng talamak na pagpapalit-gamit ng lupa sa rehiyon. Kabilang dito ang Villar Group of Companies na pagmamay-ari ng pamilya ni Manny Villar. Ang Villar Group of Companies ang siyang mayor na nagpapatayo ng mga subdibisyon sa Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, at Quezon tulad ng Camella Homes at Brittany.

Kabilang din sa malalaking debeloper sa rehiyon ang Ayala Land, Inc. at

kahalintulad na subsidyaryo ng pamilyang Zobel-Ayala. Nangunguna ito sa pagkukumbert ng mga lupang sakahan sa Cavite at Rizal. Nariyan din ang Jaka Group of Companies ng pamilyang Enrile, ang Fil-Estate ng mga Sobrepeña at ang SM Group of Companies. Naging malawakan din ang pagkukumbert sa mga produktibong lupain upang gawing pook-panturismo kung saan tinatayuan ng mga *golf courses*, mga *first class subdivision*, mga pook-pasyalan at kung anu-ano pang walang pakinabang sa mga magsasaka at maralita.

Sa MIMAROPA matatagpuan naman ang kalakhan ng mga operasyon ng mapaminsalang dayuhang korporasyon sa pagmimina. Patuloy na kinakamkam ng mga korporasyong ito ang lupain ng mga magsasaka at lupaing ninuno ng mga pambansang minorya. Nangunguna na dito ang Intex Mining Corporation, Citinickel Mines and Development Corporation, MacroAsia Corporation.

Ang napakalaking bilang ng masang anakpawis sa TK

Mula sa populasyon na 8.261 milyon noong 1990 lumobo ang populasyon ng TK nang mahigit sa 15 milyon noong 2013 at inaasahang bago sumapit ang 2030 ay lalaki ito ng hanggang 20 milyon.

Pangita ang mabilis na paglaki ng populasyon sa mga lalawigang kalapit ng Kamaynilaan partikular ang Cavite, Laguna at Rizal. Migrasyon ng mga magsasakang inagawan ng lupa sa kanayunan ng rehiyon ang isa sa dahilan ng mabilis na paglaki ng populasyon sa mga kalunsuran. Bukod dito, maraming mga maralitang lunsod na dinemolis at winasak ang mga komunidad sa NCR ang ini-*relocate* sa iba't ibang bahagi ng TK.

Walang naganap na tunay na reporma sa lupa na magbibigay-daan para sa pambansang industriyalisasyon. Nananaig pa rin ang pyudal at malapyudal na pagsasamantala sa malawak na kanayunan na siyang patuloy na gumagapos sa masang magsasaka sa pagkaalipin sa lupang hindi nila pagmamay-ari.

Aabot sa milyong mamamayan ng TK ang mula sa uring magsasaka na pangunahing nakalubog sa produksyon ng niyog, palay, mais, saging at tubo. Nagpapatuloy ang pang-aalipin sa mga magsasaka sa pamamagitan ng iba't ibang tipo ng pyudal at malapyudal na pagsasamantala.

Bukod sa monopolyong kontrol sa lupa ng iilang malalaking PML, pinapasan din ng mga magsasaka ang malaking gastos sa produksyon dulot ng kawalan ng subsidyo mula sa reaksyunaryong gubyerno. Nababaon din sila sa utang dahil sa mataas na usura habang lalo silang pinahihirapan ng mababang presyo ng kanilang mga produktong bukid at mababang sahod na sinabayan pa ng mataas na presyo ng mga pangunahing bilihin.

Apektadong-apektado din maging ang mga pambansang minorya sa TK ng kinakaharap na suliranin sa lupa. Maging ang kanilang mga lupang ninuno ay pinupuntirya ng mga malalaking dayuhang korporasyon sa pagmimina. Pilit na kinakamkam ang lupain ng iba't ibang grupo ng pambansang minorya tulad ng mga Mangyan sa Mindoro, mga grupong Dumagat at Remontado sa bahaging Rizal at Hilagang Quezon at ang mga pambansang minorya sa Palawan.

Sa mga bahaging urban naman ng rehiyon, tinatayang halos kalahating milyon na ang kabuuang bilang ng mga manggagawa sa mga malalaking engklabo at dayuhang-pagmamay-aring empresa. Hanggang ngayon, halos 90 porsyento ng mga manggagawang ito ang kontraktwal at nabubuhay lamang sa kakarampot na sahod.

Samantala, papalaki rin ang bilang ng mga maralitang lunsod sa TK. Matapos magsulputan ang iba't ibang *resettlement areas* sa rehiyon, nagdagsaan ang daang libong pamilya sa mga proyektong *relocation sites* at *low-cost housing* ng reaksyunaryong gubyerno. Kabilang sa mga proyektong ito ang walong Southville community sa Muntinlupa-Laguna boundary, mga bayan sa Laguna at Rizal. Dumarami rin ang mga maralitang lunsod sa mga dati ng *resettlement areas* tulad ng Dasmariñas Bagong Bayan, sa General Mariano Alvarez at Bulihan, Silang sa Cavite, ang SPRAA sa San Pedro, Laguna at ibang bahagi ng Rizal.

Kung tutuusin, hindi maiiwasan ang pagdami ng mga maralitang lunsod sa rehiyon dahil sa dumaraming bilang ng reserbang hukbo ng paggawa na mga magsasaka mula sa kanayunan na napilitang maghanap ng trabaho sa mga sentrong lungsod dulot ng pagkawala ng kanilang mga lupang sakahan. Naging paborable ito para sa mga kapitalista upang higit nilang pababain ang halaga ng sahod at itulak ang mga hindi makataong kalagayan sa mga pagawaan.

Ito ang kalagayan ng mamamayan sa isang malakolonyal at malapyudal na lipunan. Lagi silang hinahambalos ng krisis, walang lupa, kabuhayan at patuloy na pinagkakaitan ng kanilang mga karapatan.

Sila ang dambuhalang lakas ng rebolusyon—ang masang anakpawis. Ang mga magsasaka at manggagawa na siyang pangunahing biktima ng panlipunang ligalig ang siya ring pwersang tiyak na magpapabagsak sa malakolonyal at malapyudal na lipunan. Ang papalalang krisis at kahirapan na nararanasan ng milyong mamamayang inaapi at pinagsasamantalahan sa ilalim ng rehimeng US-Duterte ang higit na magpapatalas sa tunggalian ng mga uri sa lipunang Pilipino. Ito ang magtutulak sa mamamayang lumaban at ipagtagumpay ang rebolusyon upang ibagsak ang mapang-aping reaksyunaryong sistema. ☒

Ika-50 taon ng PKP, matagumpay na ipinagdiwang sa TK

Matagumpay na ipinagdiwang ng rehiyon ng TK ang ika-50 taon ng Partido Komunista ng Pilipinas sa kabila ng banta ng rehimeng US-Duterte na pag-atake sa mga pagtitipon sa kanayunan para sa anibersaryo ng Partido.

Higit 1,500 mamamayan ang nagtipon sa iba't ibang sonang gerilya at lungsod sa TK upang samang salubungin ang ginintuang anibersaryo ng PKP. Lumabas ang pagiging malikhain at mapamaraan ng rebolusyonaryong mamamayan sa paglulunsad ng kanya-kanyang selebrasyon laluna't idinaos ang mga ito sa gitna ng hindi pagdedeklara ng *ceasefire* ng gubyernong Duterte.

Hindi nabulabog ng mga operasyong militar ng AFP-PNP-CAFGU ang alinman sa mga selebrasyong inilunsad sa TK. Matagumpay na nailunsad ang *press conference* ni Ka Jaime 'Diego' Padilla sa isang larangang gerilya. Napapasok ang ilang myembro ng medya upang kapanayamin ang tagapagsalita ng MGC-BHB TK at naging bahagi sila ng pagdiriwang ng anibersaryo ng Partido ng larangan.

Sa Batangas, magkapiling ang masa at Pulang hukbo sa pagdiriwang ng ika-50 anibersaryo. Sa kanilang selebrasyon, pinarangalan ang mga martir ng probinsya sa pamamagitan ng mga awit at kulturang pagtatanghal. Inawit rin ng Hukbo ang bagong komposisyon na 'Gintong Karit at Maso' na naglalarawan sa pagmamahal ng masa sa Partido.

Kaisa ang Apolonio Mendoza Command, nagpunyagi ang mamamayan ng Quezon sa paglulunsad ng mga pagdiriwang ng anibersaryo. Kasama ang mga bisita mula sa lungsod, dinakila ng mga pwersa sa rebolusyonaryong base ang kasaysayan ng Partido sa buong bansa, rehiyon, at sa probinsya ng Quezon. Haylayt din ng programa ang pagsampa sa Hukbo ng ilan sa mga dumalong bisita at masa.

Katumbas ng isang matunog na opensiba ang iba't ibang selebrasyon ng anibersaryo na naganap sa isla ng Mindoro. Dinaluhan ito ng mga magsasaka, katutubo, at kabataan na bumubuo sa papalawak na mga organisasyong masa sa isla. Bukod sa kasaysayan ng PKP, tinalakay rin sa programa ang dakilang tungkulin ng mamamayan ng Mindoro sa higit pang pagsulong ng rebolusyon sa TK.

Nagdaos rin ng mga pagtitipon ang mga larangan sa Rizal at Palawan na nilahukan ng higit sa 500 tao. Kapiling ang Hukbo, pinagtibay ng masa ang pagkilala sa pamumuno ng PKP sa pambansa demokratikong rebolusyon. Nagsalu-salo ang mga lahat ng lumahok sa inambag na pagkain ng masa at hukbo.

Dagdag na ningning sa pagdiriwang ng anibersaryo sa TK ang interbyu ni Ka Jaime "Diego" Padilla na inere sa radyo noong Disyembre. Sa interbyu kinontra ni Ka Diego ang mga pahayag ni Duterte na madudurog na ang CPP-NPA-NDF sa taong 2019 at binati ang lahat ng mamamayang nagsusulong ng rebolusyon sa pambansang saklaw. ☒



Romblon at Marinduque: Mayayamang islang ipinagkait sa mamamayan


Hinuhubog ang mga islang probinsya ng Romblon at Marinduque hindi lamang para sa malalaki at mapaminsalang pagmimina kundi para din sa mga dambuhalang dayuhang kumpanya ng komersyal na pangangisda. Ibinibenta rin ang dalawang lalawigan ito para sa ekoturismo na tiyak na magdudulot ng pagpapalayas ng mamamayan sa kanilang mga tirahan at pagkawasak ng kanilang kabuhayan.

Sa Marinduque, nakahanay ang Tres Reyes Islands, Balacanan Bay, Pulang Lupa, Elephant Islands at Bellarocca Resort upang paunlarin bilang pook pang-ekoturismo. Inihanay naman ang Mt. Guiting-Guiting, Carabao Island, Romblon Bay, bayan ng Alcantara at Sta. Fe at Sibuyan at Tablas Islands sa mga lugar sa Romblon na gawing mga *tourist destination*.

Ibig sabihin, tiyak na maraming maralitang mangangisda ang mapapalayas sa mga lugar na ito kasabay ng pagbabawal sa kanilang mangisda sa mga baybayin ng mga natukoy na target gawing pook pang-ekoturismo.

Sa mga baybayin ng Marinduque, tanging ang mga malalaking komersyal na palakaya ang regular na nakakapasok sa mga baybayin ng isla upang makapangisda kahit na ipinagbabawal ito ng Fisheries Code. Sa Romblon, nananatiling mahirap ang kalakhan ng mamamayan dahil sa atrasado at mababang produksyon sa probinsya. Karamihan sa mga mangangisda sa dalawang lalawigan ay *subsistence fisher folks* o sapat lamang ang kanilang huling isda para pakainin ang kanilang pamilya.

Sa Romblon, aabot sa 87% ng mga mangangisda ang gumagamit lamang ng maliliit na bangka at 73% dito ang wala pang motor. Kumikita lamang ang isang pamilya ng mangangisda ng hanggang P30,000 sa isang taon o P83 kada araw. Naging talamak din ang pagpasok ng mga dambuhalang komersyal



Mt. Guiting-Guiting sa Romblon

na palakaya sa Romblon na siyang dahilan ng pagkasaid ng yamang dagat. Minomonopolyo ng iilang dambuhalang komersyal na palakaya na pagmamay-ari ng mga dayuhan ang pangingsida sa isla.

Samantala, pinsala lamang ang idinulot ng mga mapangwasak na pagmimina sa mga islang probinsya ng Marinduque at Romblon. Malaki ang naging epekto sa tubig sa Marinduque ng *tailings spill* ng MarCopper Mining Corporation noong 1995 na siyang nagdulot ng pagbagsak sa halos 70% ng huling isda ng mga maralitang mangingsida sa ilog ng Boac.

Binansagang Marble Capital ng Pilipinas, malaking bahagi ng isla ng Romblon ang patuloy na minimina ng mga dayuhang korporasyon para sa marmol. Halos 3, 245 ektarya sa mga probinsya ng Romblon at Marinduque ang humaharap sa operasyon ng malakihang mapangwasak na dayuhang pagmimina.

Dapat ang mamamayan at hindi ang iilan lamang ang makinabang sa yamang matatagpuan sa mga islang probinsya ng Marinduque at Romblon. Tiyak na darating ang panahon na hindi na magtitiis ang mamamayan sa dalawang probinsyang ito at ipapamalas nila ang kanilang galit sa sistemang mapang-aapi at mapagsamantala sa pamamagitan ng rebolusyonaryong daluyong na magpapalaya sa buong bayan. ☒

89 Mangyan, ilegal na inaresto, idinetine at sapilitang pinapasuko ng 4th IBPA

Ilegal na inaresto at idinetine sa kampo sa Brgy. Murtha ng Bravo Company ng 4th IBPA ang 89 katutubong Mangyan mula sa mga sityo ng Dayagan, Yabat, Upper Cuyuan, Timbangan at Mabanban sa Brgy. Naibuan, San Jose, Occidental Mindoro noong Disyembre 7 hanggang 9.

Ginalugad ng mga pasistang sundalo ang mga nasabing sityo upang takutin ang mga residente at sapilitang pasukuin ang mga pinaghihinalaan nilang mga kasapi ng Partido at BHB. Isinailalim sa matinding interogasyon at pagpapahirap ang mga biktima. ☒

Tala ng paglabag sa karapatang tao sa TK

Hindi na mabubura sa kasaysayan ang lagim ng paghahari ng tiranong si Rodrigo Duterte at ng kanyang imperyalistang among US laban sa mamamayan.

Sa halos tatlong taong paghahari ng rehimeng US-Duterte, tuluy-tuloy ang pagdami ng mga kaso ng paglabag sa karapatang tao na bumibiktima sa libu-libong mamamayan. Katambal ito ng samu't saring malalaki at mapaminsalang proyekto na pinapasok ng reaksyunaryong guberno sa bansa at resulta din ng pagpapalakas ng rehimen sa mersenaryong AFP-PNP-CAFGU na pangunahing tagapagtanggol ng mga naghaharing-uri.


Biktima ang mamamayan ng Timog Katagalugan ng paglapastangan ng karapatang tao ni Duterte at ng kanyang armadong pwersa. Binibiktima ni Duterte ang mga inosenteng sibilyan na patuloy na nagtataguyod sa karapatan ng mamamayan at nakikibaka para sa kanilang mga batayang interes at karaingan. Tampok sa taong 2018 ang mga kaso ng pagpaslang, sapilitang pagpapasuko, demolisyon, pananakot, panghahas at paninindak sa mga aktibista at komunidad na may malalakas na laban para sa lupa, panirikan, at hanapbuhay.

Mainit ang mata ng estado sa mga lider-masa at aktibista at sa 2018, papatak na halos 2 tao kada buwan ang dinudukot o ilegal na inaaresto.

Naging pangunahing biktima din ng paglabag sa karapatang pantao ang pambansang minorya sa TK. Sa Mindoro, mga lider-katutubo ang pinapaslang ng pasistang sundalo habang biktima ng sapilitang pagpapasuko ang maraming bilang ng Mangyan. Aabot sa 89 na Mangyan ang ipinatawag sa kampo ng militar, ininteroga at pinagbintangang mga Pulang mandirigma at sapilitang pinapasuko ng mga mersenaryong sundalo.

Samantala, sinalasa naman ng walang puknat na operasyong militar ang grupong Dumagat at Remontado sa hilagang Quezon. Sapilitang pinalikas ang mga komunidad ng mga grupong Dumagat at Remontado. Ilan sa kanila ang ilegal na inaresto at sapilitang pinapamin na mga kasapi ng Partido at hukbong bayan. Bukod sa mga Dumagat, sapilitang pinalikas din ang mga magsasaka sa mga sityo ng Umiray na tinayuan ng mga *tactical posts* ng kaaway.

Ginagamit ng rehimen ang lahat ng pamamaraan para supilin ang mga karapatang sibil at demokratiko ng mamamayan. May ilang ulat rin ng hamletting, pwersahang pagpapalipat sa eryang kontrolado ng AFP, at panghaharang sa ayudang *humanitarian* mula sa labas. ☒





Opensibang postura: Ang mga tagumpay ng Melito Glor Command-NPA ST sa 2018

Sa taong 2018, muling binigo ng Melito Glor Command-BHB TK ang pangarap ng rehimeng US-Duterte na slipulin ang Pulang hukbo sa Timog Katagalugan. Naglunsad ng 69 aksyong militar ang BHB TK na nagresulta sa 128 kaswalti o labis sa isang kumpanya sa hanay ng mersenaryong AFP-PNP-CAFGU. Nagsamsam rin ang MGC ng 27 armas mula sa pasistang tropa.

Katuwang ang rebolusyonaryong mamamayan at masa sa kanayunan, binigwasan ng iba't ibang yunit ng BHB-TK ang 16 na panagupang batalyon ng AFP at PNP na nakapakat sa rehiyon. Nagtamo ang kaaway ng 83 patay at 45 sugatan bunsod ng pagsagupa rito ng mga mandirigma ng BHB-TK.

Noong 2018, tinararget ng Pulang hukbo ang mga pangunahing kaaway sa uri ng mamamayan. Kabilang rito ang mga yunit ng AFP-PNP-CAFGU na nagpoprotekta sa mga hacienda at negosyo ng mga PML at MBK at mga tropang naghahasik ng teror sa mga komunidad sa ngalan ng anti-komunistang gyera ng rehimeng US-Duterte.

Tampok sa mga opensiba ng 2018 ang reyd ng Narciso Antazo Aramil Command sa opisina at operasyon ng Monte Rock Corporation sa Brgy. Patiis, San Mateo, Rizal. Nireyd ang Monte Rock dahil sa operasyong *quarry* nito na nagdadala ng malaking banta sa kaligtasan ng mamamayan at pinsala sa kalikasan. Winasak ng BHB-Rizal ang walong *dump truck*, apat *backhoe*, dalawang *bulldozer*, dalawang *payloader*, opisina at imbakan ng gasolina. Labis na ikinatuwa ng masa ang ginawang pamamarusa ng BHB-Rizal sa Monte Rock.

Matagumpay rin ang magkasunod na reyd sa Tumbaga Ranch na pagmamay-ari ng Pamilya Murray at ambus sa General Luna na parehong nasa Quezon. Ipinakita ng mga nabanggit na TO ang inabot na antas sa lakas at taktika ng BHB sa rehiyon. Ilang araw na nilaman ng radyo, telebisyon at radyo ang nangyaring reyd na tiyak na malaki ang naging impak sa pulitika sa rehiyon at pambansang saklaw.

Ipinagbubunyi rin ng masa ang mga kontra-atake ng BHB-TK sa mga lugar na pinupupog ng matitinding operasyon at panggigipit mula sa kaaaway. Isa na rito ang erya ng Brgy. Umiray, Gen. Nakar, Quezon, na hanggang ngayon ay hindi pa rin nilulubayan ng pwersa ng 202nd Infantry Brigade. Binigo din ng AMC-BHB ang pasistang atake ng kaaway sa Brgy. Lavidez, General Luna na nagdulot ng pinsala sa mersenaryong 85th IBPA. Sa buong rehiyon ang Quezon ang pangunahing lalawigang pinupokusan ng kaaway ng mga operasyong militar sa buong 2018 hanggang sa kasalukuyan.

Binigwasan naman ng Apolonio Mendoza Command ang 92nd IBPA sa dalawang magkasunod na putok noong Nobyembre at Oktubre na nagresulta sa anim na kaswalti sa AFP.

Sinagot naman ng matagumpay na aksyong militar ng BHB-Palawan ang programang pagpapasuko sa porma ng Enhanced Comprehensive Local Integration Program (E-CLIP) ng rehimeng US-Duterte. Inambus ng Bienvenido Vallever Command ang dalawang *intel operative* ng Military Intelligence Group ng AFP na siyang namumuno sa kampanyang pagpapasuko sa Brgy. Pulot Interior, Sofronio Española.

Sa nakaraang taon, mahusay na pinagkumbina ng Pulang hukbo ang mga atritibong TO at batayang TO sa paglulunsad ng mga epektibong kampanyang militar. Nagsilbi ang mga atritibong TO para balansehin ang pwersa at diin ng mga operasyon ng mga kaaway sa saklaw ng kaaway at epektibong makamaniobra ang mga yunit. Nagresulta ang pagtutulungan ng mga yunit ng MGC sa mga mas epektibong mga atake na puminsala sa ulo at katawan ng kaaway. ☒

AMC-BHB, binigo ang pasistang atake ng 1st IBPA

Binigo ng AMC-BHB ang pasistang atake ng. 1st Infantry Battalion Philippine Army noong December 5 nang tanghali sa Brgy. San Bueno, Sampaloc, Quezon. Mabilis na nakamaniobra ang Pulang hukbo upang ambusin ang aabot sa 30 tropa ng 1st IBPA na nagdulot ng matinding pinsala sa mga pasistang militar. Ayon sa mga nakasaksing residente, aabot sa tatlong mersenaryong sundalo ang napatay at lima ang nasugatan sa 30-minutong labanan.

Susi sa tagumpay na ito ang matalas na pakiramdam ng mga Pulang mandirigma sa kanilang paligid at mahigpit na ugnayan sa mamamayan. Kagyat nilang naagaw ang inisyatiba sa labanan upang gapiin ang pwersa ng pasistang 1st IBPA at makaatras ng walang ni isang kaswalti. ☒

Ang nag-iisang Partido Komunista ng Pilipinas

<i>Bayang binalot sa kadiliman</i>	<i>Dadagundong ang ating mga sigaw</i>
<i>Pinaniwala sa sari-saring kasinungalingan</i>	<i>Buong sambayanan kikilos, iigpaw</i>
<i>Niyurakan ang buhay ng mamamayan</i>	
<i>Gagawin lahat manatili lang sa kapangyarihan</i>	<i>At ang Partido ang magsisilbing gabay</i>
	<i>Magluluningning tulad ng gintong araw</i>
<i>Bayang inaapi, pinagsasamantalahan</i>	<i>Tangan-tangang armas mga gintong aral</i>
<i>Pinapatay ng mga halimaw</i>	<i>Ganap na paglaya ang tinatanaw</i>
<i>Mga hunyangong nagbabalat-kayo</i>	
<i>Ginagamit ang estado para sa pasismo</i>	<i>Sandata ang Bagong Hukbong Bayan</i>
	<i>Kasama ang lahat ng mamamayan</i>
<i>Ngunit tayo'y di na pasisiil</i>	<i>Buong lakas na isusulong ang digmang bayan</i>
<i>Diwang naglalagablab 'di na papipigil</i>	<i>Hanggang tagumpay ay makamtan</i>

Tayo at ang Partido

<i>Partido ang sandigan at takbuhan</i>	<i>Ng hukbong bayan syang sandata natin</i>
<i>Ng mga inaapi at pinagsasamantalahan</i>	
<i>Ating tangkilikin at pangalagaan</i>	<i>Ang tagumpay ng Partido</i>
<i>Dahil tayong mga masa kanilang inspirasyon</i>	<i>Ay tagumpay nating masa</i>
	<i>Kaya magkaisa at lumaban</i>
<i>Kaya baseng masa'y palakasin</i>	<i>Upang minimithing kapayapaan ating kamtin</i>
<i>Upang tagumpay ating kamtin</i>	
<i>Na bigay at alay sa atin</i>	

Ang dalawang tulang ito ay likha ng mga kalahok sa isang palihan sa kultura ng ARMAS-TK noong Mayo 2018.